


Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan–Modyul 9: Kakayahang Lingguwistiko



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 9: Kakayahang Lingguwistiko  
Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Ana Maria L. Josue
<b>Editor:</b>	Jonathan F. Bernabe
<b>Tagasuri:</b>	Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Maribeth C. Rieta Nerlito M. Del Mundo, Julie Anne V. Vertudes
<b>Tagaguhit:</b>	Romdel F. Partoza
<b>Tagalapat:</b>	Leonila L. Custodio
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Job S. Zape, Jr. Ramonito O. Elumbaring Reicon C. Condes Elaine T. Balaogan Fe M. Ong-ongowan Rommel C. Bautista Galileo L. Go Randy D. Punzalan Elpidia B. Bergado Noel S. Ortega Maribeth C. Rieta

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal  
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487  
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan–Modyul 9:  
Kakayahang Lingguwistiko**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***


Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin.

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa talakayan  
**(F11PT- Iie- 87)**

### **Layunin:**

- Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa kakayahang lingguwistiko
- Natutukoy ang wastong paggamit ng salita mula sa nabuong pangungusap
- Nailalarawan ang wastong gamit ng salita sa kakayahang lingguwistiko



## **Subukin**

Panuto: Piliin ang angkop na kahulugan sa sumusunod na pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Makuha ka sa tingin.
  - a. panuto
  - b. paalala
  - c. babala
  - d. direksiyon
  
2. Papunta ka pa lang, pabalik na ako.
  - a. panuto
  - b. paalala
  - c. babala
  - d. direksiyon
  
3. Mauna na kayo, susunod na lang ako.
  - a. pagtanggap sa paanyaya
  - b. pagtangi sa paanyaya
  - c. pagpapasalamat
  - d. pagbibigay
  
4. Ako ang nagtanim, ako ang nagbayo, ako ang nagsaing, pero iba ang kumain.
  - a. panghihinayang
  - b. pagkadismaya
  - c. pagkayamot
  - d. pagkagalit
  
5. Pasensiya na, tao lang!
  - a. pagpapasalamat
  - b. pagmamalasakit
  - c. pagpapakumbaba
  - d. paghingi ng paumanhin
  
6. Bawal tumawid, nakamamatay!
  - a. paalala
  - b. panuto
  - c. babala
  - d. direksiyon
  
7. Kanina pa kita tinitingnan.
  - a. paalala
  - b. panuto
  - c. babala
  - d. direksiyon

8. Ok lang, busog pa ako.
  - a. pagtanggap sa paanyaya
  - b. pagtangi sa paanyaya
  - c. pagpapasalamat
  - d. pagbibigay
  
9. *Last mo na 'yan ha?*
  - a. pagbibigay ng payo
  - b. direksiyon
  - c. babala
  - d. paalala
  
10. Wala kang masabi noh?
  - a. pagkalito
  - b. pagkagalit
  - c. pagkayamot
  - d. pagkadismaya
  
11. *Boundary o quota* na ako.
  - a. tapos na ang gawain
  - b. hindi pa huli ang lahat
  - c. nagsisimula pa lamang
  - d. patapos na ang gawain
  
12. Tumahimik kayo!
  - a. paalala
  - b. panuto
  - c. babala
  - d. direksiyon
  
13. Sunog! sunog! sunog!
  - a. babala
  - b. paalala
  - c. direksiyon
  - d. paghingi ng tulong
  
14. Ayaw ko!
  - a. babala
  - b. paalala
  - c. direksiyon
  - d. panuto
  
15. Ga o palangga?
  - a. asawa
  - b. paggiliw
  - c. pagsinta
  - d. pag-irog

## Aralin

# 1

# Kakayahang Lingguwistiko

Ang kakayahang lingguwistika (*linguistic competence*) ay nauukol sa kasanayan o kahusayan sa paggamit ng wika na ipinahihiwatig ng wastong gamit ng mga salita na angkop sa mensaheng ibig iparating. May kinalaman din ito sa maayos na sintaks o pagkakabuo ng pangungusap. Higit na mabisa ang isang pahayag kung naaayon ito sa tuntuning panggramatika ng isang wika. Kinatatampukan din ito ng pagtataglay ng kahusayan o kabihasaan sa tuntuning pang-gramatika at pansemantika ng isang wika. Ito ang tinatawag ni Chomsky na *linguistic competence*. Pinaniniwalaan sa bahaging ito na sadyang may likas na kakayahan ang taong matutuhan ang mahusay, makinis, at angkop sa konteksto na paggamit ng wika dahil ito ay natutuhan sa pamamagitan ng prosesong sosyal.



## **Balikan**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang pangunahing layunin ng pakikipag-ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa?
2. Paanong napahihina sa pamamagitan ng purong diin sa mensahe ang aspektong istruktural o gramatikal ng isang wika?
3. Kailan o sa anong simpleng pagkakataon maaaring maipamalas ang kakayahang komunikatibo?
4. Bakit higit na komunikatibo ang tao sa kaniyang unang wika kaysa sa pangalawang wikang natutuhan?



### **Mga Tala para sa Guro**

Matapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul.





## **Tuklasin**

Ang kakayahang lingguwistik/gramatikal ay tumutukoy sa kaalamang leksikal at pagkaalam sa tuntunin ng ponolohiya, morpolohiya, sintaks at semantiks, ayon kina Michael Merrill Canale at Swains. Tinatawag din itong kakayahang gramatikal o istruktural na nauukol sa kakayahang magamit ang mga tuntunin ng isang wika na nagsisilbing gabay sa wastong paggamit nito. Ang gramatikang pinag-uusapan ay maaaring deskriptibo na nakabatay sa siyentipiko, obhektibo, at detalyadong paglalarawan ng wika na kalimitang nakabatay sa pagsusuri at rekomendasyon ng mga lingguwista.

Gramatika ang mahalagang salik sa pag-aaral ng kakayahang ito. Ang gramatika ay tungkol sa tuntunin ng wastong paggamit ng bantas, salita, bahagi ng pananalita, pagbuo ng mga parirala, sugnay, at pangungusap.

1. Ponolohiya o Palatunugan – maagham na pag-aaral ng mga makabuluhang tunog (ponema) na bumubuo ng isang wika.

Halimbawa: malapatinig na w at y = bahay. Reyna, bahaw, agiw

- A. Ponemang segmental – makabuluhang tunog sa Filipino.

Halimbawa:           bata (child)           banta (threat)  
                              batas(law)           bantas (punctuation mark)

Ginagamit ang daw/din kapag ang sinusundang salita ay nagtatapos sa katinig (consonant), raw/rin kapag patinig (vowel) o malapatinig na w at y.

Halimbawa:           bayad daw           bababa raw           malikot din  
                              pangit din           maganda rin           magalaw rin

- B. Ponemang suprasegmental – pantulong sa ponemang segmental upang higit na maging mabisa ang paggamit ng 28 ponemang segmental sa pakikipagtalastasan at upang higit na maging malinaw ang kahulugan.

2. Morpolohiya o Palabuuan – makaagham na pag-aaral sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pinakamaliit na yunit ng isang salita o morpema.

Halimbawa: pangdesal = pandesal    tawid+in = tawirin  
                          Takip+an = takpan           hati+gabi = hatinggabi

3. Sintaks – estruktura ng mga pangungusap at ang mga tuntuning nagsisilbing patunay sa pagsasabi ng kawastuhan ng isang

pangungusap. Ang anyo ng pangungusap ay karaniwang anyo: nauuna ang panaguri kasunod ang paksa; at kabalikan: nauuna ang paksa na sinusundan ng 'ay' na sinusundan ng panaguri

Halimbawa: Pinatawag ng nanay ang bata. (karaniwan)

Ang bata ay pinatawag ng nanay. (kabalikan)


4. Ang semantika ay tumatalakay sa interpretasyon ng mga kahulugan ng mga morpema, salita, parirala, at pangungusap.

Pagbibigay sa isipan ng tao ng kahulugan batay sa:

Denotasyon at Konotasyon Halimbawa: Ilaw ng tahanan

Denotasyon: Maliwanag ang ilaw sa bahay namin.

Konotasyon: Si inay ang ilaw ng tahanan.



## ***Suriin***

Panuto: Basahin at unawain ang teksto sa ibaba. Sagutin ang sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

### **Pagsulyap ng Pag-asa sa Gitna ng Banta ng Pandemya**

“Kung ayaw, maraming dahilan. Kung gusto, maraming paraan,” pagbibitaw ni Angelique Ducot.

Isa si Angelique mula San Pablo City sa libo-libong maliliit na negosyante na nawalan ng pagkakakitaan nang lumaganap ang banta ng COVID-19 sa kalusugan. Siya ay may-ari ng isang *canteen* sa isang *mall* sa lungsod.

Ang dating malakas at mabentang *canteen* ni Angelique ay naging mahina't matamlay. “Napilitan akong isara ang aking *canteen* dahil kaunti na lamang ang mga pumapasok na empleyado,” paglalahad niya. Ayon pa sa kaniya, ang pangilang-ngilang pumapasok na empleyado ay piniling manatili sa kanilang mga trabaho kahit sa oras ng kanilang tanghalian kung kaya't wala ring kikitain ang kanilang *canteen*.

Ayaw man niya sa kaniyang naging desisyon, pinili niyang isara ang kaniyang *canteen* kaysa lalo pang maubos ang kaniyang puhunan. Dahil sa ipinatutupad na mga batas para labanan ang pagkalat ng *virus*, walang pumasok na kita sa kanilang mag-asawa. Ipinagpapasalamat na lamang nila ang kaunti nilang naipon na siya nilang ginamit sa kanilang pangunahing mga pangangailangan sa mga unang linggo ng *community quarantine*.

Naging labis ang pangamba ng mag-asawa kung paano sila kikita sa panahong ito upang matustusan ang kanilang pangangailangan.

Sa pagkakalunsad naman ng Palengke on Wheels ng Mga Likha ni Inay noong Abril ay nabigyan siya ng pagkakataong makapagtrabaho. “Maswerte ako nang yayain ako ng aking kapatid na magtrabaho bilang *on call* sa *Palengke on Wheels*,” pagbabahagi ni Angelique.

Walang pagdadalawang-isip, sinunggaban agad ni Angelique ang pagkakataong ito dahil malaki ang maitutulong nito sa kanilang mag-asawa. Maliban sa may pang-araw-araw na silang panggastos, pinili din ni Angelique na makapagbayad ng paunti-unti sa kaniyang *loan* sa CARD Bank. “Kaming mag-asawa ay naniniwala na kahit ganito ang sitwasyon ay kailangan pa ring harapin ang aming obligasyon bilang miyembro,” pagpapaliwanag niya.

Ipinagsawalang bahala niya ang pangamba sa araw-araw niyang pagpasok sa trabaho dahil sa pangangailangan pinansyal. “Hindi maiwasan na mangamba ang aking pamilya maging ang aking mga kapit-bahay sa aking kalusugan. Natatakot din sila na baka siya ang magdala ng sakit sa kanilang lugar. “Siniguro ko na lang na bago ako umalis at umuuwi sa bahay ay sinusunod ko ang mga *safety precautions* para maka-iwas sa sakit.” Ipinagpapasalamat din niya na binigyan sila ng pagkakataon ng Mga Likha ni Inay na makapagpa-*rapid test* at masigurong ligtas sila sa COVID-19.”

Bagama’t nananatiling may takot at pangamba pa rin sa kaniya dahil sa hindi pa tapos ang laban sa COVID-19, hindi ito naging dahilan para ilugmok sila nito sa hirap. “Ang nais ko ay malampasan ang problemang pampinasyal sa gitna nito kung kaya’t malaki ang pasasalamat ko sa Mga Likha Ni Inay na nabigyan nila ako ng trabaho.”

Sa kabila ng kaliwa’t kanang pagsasara ng mga kompanya at pribadong establisimento, malaki ang pasasalamat ni Angelique dahil ang MLNI ay nagpapatuloy pa rin para makapaghatid ng pangunahing pangangailangang serbisyo. “Malaki ang naging tulong nito sa amin dahil kahit na *lockdown* ay nakapagbigay ng trabaho ang institusyon.”

Ngayon, maliban sa pagnanais niyang kumita, masaya siyang nakatutulong siya sa kapwa niya sa pamamagitan ng pagbibigay serbisyo sa kanila. Sa dalawang buwan niya sa Palengke on Wheels, nakikita niya ang sobrang kahalagahang nagagawa ng programa sa komunidad. Sa tulong ng programa, hindi na kinakailangan pang magpunta sa mga pampublikong lugar ang mga mamimili at natutulong silang makaiwas sa sakit. Si Angelique ay ang nagre-repack ng mga orders ng mga online buyers at minsan ay naghahatid din ng mga order sa mga kabahayan sa San Pablo.


Ayon kay Angelique, ang Palengke on Wheels ay isang epektibong proyekto upang makapagbigay ng tulong at suportang labanan ang COVID-19. Hindi lamang mga mamimili ang natutulongan kundi pati na rin ang mga *supplier* na pansamantala ding nahinto ang mga regular na hanapbuhay dahil na rin sa pagbabawal na pagbabyahe.

“Ako ay natutuwa dahil nakikita ko ang saya mula sa mga *supplier* na aming pinupuntahan. Ako ay maswerte dahil ako ay naging parte ng programang ito. Akin ding sisiguraduhin na magpapatuloy kami sa pagbibigay ng 100% na dedikasyon sa aming trabaho,” pagtatapos ni Angelique.

**2021 | MGA LIKHA NI INAY, INC.**  
<https://www.cardmri.com/mlni/?p=561>

Mga Tanong:

1. Ano ang pangunahing layunin ng teksto?
2. Paano hinarap ni Angelique at ang kanyang pamilya ang negatibong banta ng pandemya?
3. Ano-ano ang kakayahang komunikatibo na kailangang isaalang-alang at bakit ito kailangang bigyang prioridad sa komunikasyon?



## **Pagyamanin**

Panuto: Piliin ang wastong sagot sa tanong ng bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. “Wala akong ibibigay, butas na ang bulsa ko.” Ano ang kahulugan ng ‘butas ang bulsa’ sa pahayag?
  - a. walang pera
  - b. ayaw magbigay
  - c. punit ang bulsa
  - d. nahulog ang laman ng bulsa
2. Ang babae ay mala-Liza Soberano ang itsura. Ano ang ipinapahayag sa ‘mala-Liza Soberano’?
  - a. kakambal
  - b. kahawig
  - c. maganda
  - d. makinis
3. Ang mahuling kumain, maghuhugas ng pinggan! Ano ang kahulugan ng pahayag?
  - a. magliligpit ng pinagkainan
  - b. magtatabi ng pagkain
  - c. magsosolong kumain
  - d. hindi na kakain
4. Ako ang nagtanim, ako ang nagbayo ngunit ng maluto iba ang kumain. Ano ang kahulugan ng pahayag?
  - a. may pagkadismaya
  - b. may lungkot
  - c. may tampo
  - d. may galit
5. Sa pelikulang Bata, Bata Paano Ka Ginawa, ano ang ipinapakita ng istoryang ito?
  - a. paggalang sa kapatid
  - b. paggalang sa magulang
  - c. paghihiganti ng anak
  - d. pagmamahal ng isang ina



## ***Isaisip***

Nagagawa mo nang bigyan ng kahulugan ang mga salita at tukuyin ito sa pangungusap. Tandaan mo na ang kakayahang lingguwistika ay isang kakayahang maunawaan mo ang masalimuot at kahanga-hangang kapangyarihan ng wika. Dito ay binibigyang pokus ang antas ng pagsusuri hanggang sa antas ng pangungusap lamang.

Sagutin ang mga tanong sa inihandang papel upang lalong tumibay ang iyong pagkaunawa sa kakayahang ito.

Anong mga kaalaman ang nakapaloob sa mga sumusunod:

1. Ponolohiya

---

---

---

2. Morpolohiya

---

---

---

3. Sintaksis

---

---


---

4. Semantika

---

---

---



## **Isagawa**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Ipaliwanag ang bawat aralin na tinalakay. Isulat sa iyong sagutang papel.

1. Kakayahang lingguwistiko

---

---

---

---

2. Kakayahang komunikatibo

---

---

---

---

3. *Linguistic competence*

---

---

---

---

4. Kakayahang gramatika

---

---

---

---



## **Tayahin**

Panuto: Tukuyin ang indikasyon o kahulugan ng sumusunod na mga istruktural na pahayag.

### **Pahayag**

### **Kahulugan**


1. Bawal magtapon ng basura dito!

---

2. Huwag ninyo akong susubukin!

---

3. Walang uuwi hangga't hindi tapos ang pagsusulit \_\_\_\_\_
4. Kanina pa kita tinitingnan. \_\_\_\_\_
5. Ok lang, busog pa ako. \_\_\_\_\_
6. Papunta ka pa lang, pabalik na ako. \_\_\_\_\_
7. Huwag kang ano. \_\_\_\_\_
8. Umuulan! \_\_\_\_\_
9. Makuha ka sa tingin! \_\_\_\_\_
10. Pasensya na, tao lang. \_\_\_\_\_




## ***Karagdagang Gawain***


Binabati ka namin dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul. Dahil diyan, gusto naming maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kakaharapin.

Patibayin natin ang iyong natutunan sa gawaing ito.

Panuto: Tukuyin ang mga salik na kinakailangang upang maging matagumpay ang bawat transaksyon o komunikasyon.







## Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>MALAYANG OPINYON NG MGA MAG-AARAL BASE SA ANGKOP NA GAMIT NG KAKAYAHANG LINGGUWISTIK</p>	<p>Pagymamanin</p> <p>1. A 2. B 3. A 4. A 5. D</p>	<p>Subukin</p> <p>1. C 2. B 3. B 4. B 5. D 6. C 7. C 8. B 9. A 10. D 11. A 12. A 13. D 14. A 15. B</p>
--	--	--

## ***Sanggunian***

- Aguilar, Jennifor L. et.al.2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*.Jenher Publishing House.
- Alcaraz, Cid, etal. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik Para sa Senior High School*. Educational Resources Corporation, Quezon City
- Cantillo, Ma. Luisa M. et.al. 2016. *Sikhay Aklat sa Komunkasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino para sa Ika-11 Baitang*, St. Bernadette Publishing House Corporation, Quezon City
- Pena, Estrella L. et.al. 2017, *Kanlungan 11A Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Elp Campus Journal Printing, Ermita, Manila

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)